SAN GABRIEL VALLEY WATER COMPANY
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG PANTAHANANG SERBISYO SA TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

Upang kumuha ng kopya ng Patakarang ito sa Espanyo, Intsik, Tagalog, Vietnamese, o Koreano, mangyaring bumisita sa aming website sa www.sgvwater.com, o makipag-ugnayan sa amin sa aming El Monte Office (626)448-6183, Whitter Office (562)699-1041, o Industry Office (626)330-1628.

Ang Patakaran sa Pagputol ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad ("Patakaran") na ito ay naaangkop sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig ng San Gabriel Valley Water Company ("SGVWV" o "Palingkurang-bayan") dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga probisyon sa Panuntunan Bilang 11 ng taripa ng Palingkurang-bayan na inaprubahan ng Komisyon ng Pampublikong Palingkurang-bayan ng California (CPUC, California Public Utilities Commission).

I. Aplikasyon ng Patakaran; Numero ng Telepono sa Pakikipag-ugnayan: Ang patakarang ito ay naaangkop lamang sa pantahanang serbisyo sa tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa suportang pang-mamimili ng SGVWC para sa tulong ukol sa pagbabayad ng singil sa tubig at sa potensyal na pagtatag ng mga alternatibo na itinakda ng patakarang ito upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo:

El Monte	Whittier	Industry
(626) 448-6183	(562) 699-1041	(626) 330-1628

II. Pagbibigay at Pagbabayad ng Singil:

A. Singil para sa Serbisyo: Ang singil para sa serbisyo sa tubig ay ibibigay sa bawat mamimili nang buwanan maliban kung isinaad sa taripa ng Palingkurang-bayan na inaprubahan ng CPUC. Ang singil para sa serbisyo ay dapat bayaran at mabayaran sa petsa ng pagkabigay at magiging paso kung hindi mabayaran sa loob ng 19 na araw mula sa petsa ng pag-koreo. Responsibilidad ng mamimili na tiyakin na ang mga bayad ay natanggap ng Palingkurang-bayan sa napapanahong paraan. Ang bayad ay maaaring gawin sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na mga pamamaraan:

1. Awtomatikong Pagbabayad: Ang awtomatikong pagbabayad ay isang programa ng paunang awtorisadong pagbabayad. Ang programang ito ay nangangailangan ng isang pinansiyal na account, tulad ng account sa tseke sa isang bangko o unyon sa kredit. Upang magpatala, mag-apply online sa www.sgvwater.com o tumawag sa serbisyong pang-mamimili sa 626-448-6183.

2. Magbayad nang Personal: Tumatanggap ang SGVWC ng mga bayad sa alinman sa aming lokal na mga tanggapan. Ang bayad ay dapat sa anyong pera, tseke, o kautusan ng bayad (money order).

3. Magbayad sa pamamagitan ng Telepono: Maaaring magbayad sa pamamagitan ng aming awtomatikong sistema sa telepono gamit ang debit card, credit card, o elektronikong tseke sa pamamagitan ng pagtawag sa 844-232-8664. Naaangkop ang singil sa kaluwagan ng ikatlong-partido.

4. Magbayad online: Ang bayad ay maaaring gawin gamit ang aming aprubadong ikatlong partidong bendedor. Upang magbayad online, bumisita sa www.sgvwater.com. Tinatanggap ang debit card, credit card, o elekronikong tseke na mga anyo ng bayad. Naaangkop ang singil sa kaluwagan ng ikatlong partido.

5. Gamit ang Serbisyo sa Pagbabayad ng Singil ng Iyong Pinansiyal na Institusyon: Tumatanggap ang SGVWC ng bayad mula sa serbisyo sa pagbabayad ng singil ng iyong pinansiyal na institusyon. Ang opsyon sa pagbabayad na ito ay maaaring may dagdag na tagal sa panahon ng pagproseso kaysa sa ibang mga pamamaraan ng pagbabayad. Mangyaring planuhin nang naaayon. Dapat kasama sa iyong bayad ang numero ng account. *Ang kabiguan na ilagay ang iyong numero ng account ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa bayad.*

(tingnan ang Panuntunan mga Bilang 5.B,11.B.1.a(1), Pormularyo Bilang 3)

B. Alternatibong mga Kasunduan o Pagpapahaba sa Pagbabayad: Sinumang mamimili na hindi makabayad ng serbisyo sa tubig sa loob ng karaniwang panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng alternatibong kasunduan o pagpapahaba sa pagbabayad upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo. Kabilang sa mga opsyon ang paghahati ng mga pagbabayad (kasunduan sa pagbabayad) nang hanggang anim na buwan upang bayaran ang buong balanse at pagpapaliban ng mga pagbabayad (pagpapahaba ng pagbabayad) ng buong balanse nang hanggang dalawang lingo lampas sa takdang petsa. Nag-aalok din ang SGVWC ng Programa sa Alternatibong mga Singil para sa Tubig sa California (CARW, California Alternative Rates for Water), na nagbibigay ng pinabababang mga singil sa serbisyo para sa mga tumutugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa kita.

III. Pinagtatalunang mga Singil:

A. Petisyon para sa Pagrepaso ng Palingkurang-bayan:

1. Sinumang mamimili (o nasa gulang na nakatira sa isang address ng pantahanang serbisyo) ay maaaring magpetisyon sa Palingkurang-bayan para sa pagrepaso ng singil sa serbisyo sa tubig alinsunod sa *Panuntunan mga Bilang 5 at 10* ng mga Taripa ng Palingkurang-Bayan.

2. Sinumang naturang mamimili na naghain ng reklamo sa singil o humiling ng imbestigasyon sa loob ng 5 araw ng pagkatanggap ng pinagtatalunang singil o, bago ang pagputol ng serbisyo, ay gumawa ng bayad para sa singil na iginiit na lampas sa kakayanan ng mamimili na magbayad nang buo sa loob ng pangkaraniwangn panahon ng pagbabayad, ay hindi puputulin ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa panahong nakabinbin ang imbestigasyon ng Palingkurang-bayan ng naturang reklamo o kahilingan ng mamimili at bibigyan ng pagkakataon para sa pagrepaso ng reklamo, imbestigasyon, o kahilingan ng tagapamahala ng pagrepaso ng Palingkurang-bayan.

3. Kasama sa pagrepaso ang pagsasaalang-alang kung ang mamimili ay papahintulutang gumawa ng hulugang pagbabayad sa anumang hindi nabayarang balanse ng napabayaang account sa makatuwirang panahon na hindi lalampas sa 12 buwan.

Ang naturang serbisyo ay hindi puputulin dahil sa hindi pagbabayad para sa sinumang mamimili na sumusunod sa kasunduan ng hulugang pagbabayad na pinasok kasama ng Palingkurang-bayan, sa kondisyon na papanatilihin din ng mamimili ang kaniyang kasalukuyang account para sa serbisyo sa tubig habang naiipon ang mga singil sa kasunod na panahon ng singil.

Kung mabigong sumunod ang mamimili sa kasunduan sa hulugang pagbabayad, magbibigay ang Palingkurang-bayan ng hindi bababa sa 5 araw ng negosyo na abiso sa pagputol ng naturang serbisyo, ngunit ang naturang abiso ay hindi nagbibigay sa mamimili ng karapatan sa karagdagang imbestigasyon o alternatibong mga kasunduan sa pagbabayad sa Palingkurang-bayan .

(tingnan ang Panuntunan mga Bilang 10.A, 11.B.1.b)

B. Apela sa CPUC: Sinumang mamimili (o nasa gulang na nakatira sa isang address ng pantahanang serbisyo) na ang reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon ay nagresulta sa pagpapasiya ng Palingkurang-bayan na salungat sa naturang mamimili o nasa gulang na nakatira, ay maaaring iapela ang pasya sa CPUC alinsunod sa Panuntunan mga Bilang 5 at 10 (kabilang ang pagdeposito ng pinagtatalunang halaga sa CPUC). Anumang naturang apela sa pinagtatalunang singil sa CPUC ay alinsunod sa ipinagtibay na mga Patakaran ng Kasanayan at Pamamaraan ng CPUC. Ang nakasulat na dokumentasyon ng apelang isinampa at masigasig na hinabol sa CPUC ay pipigil sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig sa panahon ng opisyal na proseso ng apela.

(tingnan ang Panuntunan mga Bilang 10.B & C, 11.B.1.c)

IV. Pagputol ng Pantahanang Serbisyo dahil sa Hindi Pagbabayad:

A. Mga Singil na Lumampas sa Takdang Panahon ng Pagbabayad: Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang pantahanang serbisyo ay

nangangahulugan na koneksyon sa pantahanang serbisyo sa tubig na kasama ang mga paninirahang pang-isang pamilya, paninirahang pang-maramihang pamilya, mobilehome, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga mobilehome sa mga parkeng pang-mobilehome, o pabahay sa magsasaka. Papahintulutan ng Palingkurang-bayan ang bawat pantahanang mamimili ng kabuuang 79 na araw mula sa petsa ng pagkoreo ng singil sa mga serbisyo, binayarang koreo, upang magbayad ng singil bago ang pagputol ng serbisyo. Hindi puputulin ng Palingkurang-bayan ang pantahanang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng napabayaang account maliban kung unang nagbigay ng abiso ang Palingkurang-bayan ng pagkapabaya at nalalapit na pagputol alinsunod sa Panuntunan Bilang 8.A.3, na nagtatatag ng mga panahon ng abiso na mula sa 7 hanggang 15 araw, depende sa uri ng paninirahan. Magbibigay ang Palingkurang-bayan ng napapanahong mga abiso upang matiyak na ang naaangkop na panahon ng abiso ay nasa sa kabuuang 79-araw na panahong itinukoy sa itaas at hindi nagbibigay ng karagdagang panahon upang magbayad.

(tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.a.(1))

B. Eksepsyon sa Kalusugan at Kaligtasan sa Tahanan:

1. hindi puputulin ang serbisyo sa pantahanang mamimili ng tubig (o nangungupahan ng mamimili sa talaan) dahil sa hindi pagbabayad kung ang naturang mamimili ay mapatunayan, sa kasiyahan ng Palingkurang-bayan, na ang **lahat ng tatlo** sa sumusunod na mga kondisyon:

   a. Magsusumite ang pantahanang mamimili ng katibayan ng pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga,* ayon sa itinukoy ng Batas sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig, na ang pagputol ng pantahanang serbisyo ay magbabanta sa buhay ng, o magdudulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ang pantahanang serbisyo ay ibinibigay;

      *Ang patunay ay dapat sa pamamagitan ng katibayan mula sa sinumang internist, general practitioner, obstetrician-gynecologist, pediatrician, doktor ng pamilya at siruhano, hindi doktor na medikal na propesyunal, o klinika sa pangunahing pangangalaga, klinikang pangkalusugan sa kanayunan, klinika sa komunidad o klinikang pang-outpatient sa ospital. Ang "hindi doctor na medikal na propesyunal" ay nangangahulugan na katulong ng doktor o sertipikadong nars-midwife na nagsasagawa ng mga serbisyo sa ilalim ng pamamahala ng doktor at siruhano, o nurse practitioner na nagsasagawa ng mga serbisyo sa pakikipagtulungan sa isang doktor or siruhano. (Tingnan ang Seksyon 14088(b)(1)(A) at (c) ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon ng California (California Welfare and Institutions Code).)

   b. Ipapakita ng pantahanang mamimili na wala siyang pinansiyal na kakayanang magbayad para sa pantahanang serbisyo sa loob ng pangkaraniwang ikot ng singil ng Palingkurang-bayan. Ang mamimili ay itituring na walang pinansiyal na kakayanang magbayad para sa pantahanang serbisyo sa loob ng pangkaraniwang ikot ng singil kung sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, panlahat na tulong, Medi-Cal, Programa sa Pandagdag na Kita sa Seguro/Karagdagang Bayad ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program), o Programa sa Espesyal na Pandagdag sa Nutrisyon para sa mga Kababaihan, Sanggol, Bata ng California, o idineklara ng mamimili na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas sa kahirapan; at

   c. Ang pantahanang mamimili ay pumapayag na pumasok sa kasunduan para sa ipinagpaliban (pagbabayad sa ibang araw), pinababa (paghuhulog ng mga bayad sa pinagkasunduang panahon), o iba pang alternatibong plano sa pagbabayad, na kasiya-siya sa Palingkurang-bayan, sa panahong hindi lalampas sa 12 buwan, kasama ang pagsasaayos ng agarang pagbabayad ng kasunod na mga singil.

   (tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.d.(1))

2. Kung ang mga kondisyong nakalista sa Seksyon IV.B.1 ng Patakaran (Panuntunan Bilang *11.B.1.d.(1)*) ay natugunan, ang mamimili ay aalukin ng isa o higit pa sa sumusunod na mga opsyon:

   a. Amortisasyon ng hindi nabayarang balanse.

   b. Paglahok sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

   c. Bahagi o ganap na pagbabawas ng hindi nabayarang balanse na tutustusan nang walang dagdag na mga singil sa ibang nagbabayad ng singil.

   d. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

   Maaaring piliin ng Palingkurang-bayan kung aling mga opsyon ng pagbabayad ang isasagawa ng mamimili at maaaring magtakda ng mga parametro ng opsyon sa pagbabayad na iyon. Ang opsyon sa muling pagbabayad na inialok ay dapat magresulta sa muling pagbabayad ng anumang natitirang hindi nabayarang balanse sa loob ng 12 buwan.

   (tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.d.(2))

3. Sa kabila ng nabanggit, maaaring putulin ang pantahanang serbisyo sa sinumang mamimili na tumutugon sa mga kondisyon sa itaas na:

   a. Hindi sumasang-ayon o sumusunod sa kasunduan ng amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano sa pagpapaliban o pagbabawas ng bayad pagkatapos magkaroon ng mga singil sa pagpapabaya nang 60 araw o higit pa, **O**

   b. Pagkatapos sumang-ayon sa kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o plano sa pagpapaliban o pagbabawas ng bayad para sa mga singil sa pagpapabaya, hindi magbabayad ang mamimili ng kaniyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo nang 79 araw o higit pa.

   Ang abiso sa pagputol para sa alinmang mga dahilan na nakalista sa itaas ay ipapaskil sa prominente at nakikitang lokasyon nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago putulin ang naturang serbisyo, ngunit ang naturang abiso ay hindi magbibigay ng karapatan sa mamimili sa karagdagang imbestigasyon o alternatibong mga kasunduan sa pagbabayad ng palingkurang-bayan.

   (tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.d.(3))

C. Ibang mga Takda sa Pagputol ng Koneksyon: Maaaring maputol ang serbisyo ng pantahanang mamimili dahil sa hindi pagbabayad ng singil para sa pantahanang serbisyo na dati na ibinigay sa kaniya sa anumang lokasyon na pinaglilingkuran ng Palingkurang-bayan. Ang abiso sa pagputol ng serbisyo ay ibibigay bago maganap ang pagputol ng serbisyo. Gayunpaman, hindi puputulin ang pantahanang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng singil para sa hiwalay na serbisyong hindi pantahanan.

(tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.e)

D. Panahon ng Pagputol ng Koneksyon: Hindi puputulin ang serbisyo sa kadahilanan ng kapabayaan sa pagbabayad ng serbisyo sa anumang Sabado, Linggo, legal na piyesta opisyal, o sa anumang oras sa panahon na ang mga tanggapan ng negosyo ng Palingkurang-bayan ay hindi bukas sa publiko.

(tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.f)

E. Ang Pagputol ng Pantahanang Serbisyo dahil sa Hindi Pagbabayad kung saan ang Serbisyo ay Ibinibigay sa Nakatirang Pantahanan sa isang Nakahiwalay na Pang-Isang Pamilyang Tirahan, Istrukturang Pang-Maramihang Tahanan, Parke ng Mobilehome, o Permanenteng Istrakturang Pantahanan sa isang Kampo ng Paggawa, kung saan ang May-ari, Tagapamahala, o Nagpapatakbo ng Tirahan, Istraktura o Parke ay Mamimili sa Talaan:

1. Kung saan ang nasabing mga nakatira ay indibiduwal na may metro:

   Ang Palingkurang-bayan ay hindi kinakailangang ibigay ang serbisyo sa mga nakatirang ito maliban kung ang bawat nakatira ay sumasang-ayon sa mga takda at kondisyon ng serbisyo at tumutugon sa

kinakailangan ng batas at ng mga panuntunan at taripa ng Palingkurang-bayan. Gayunpaman, kung isa o higit pa sa mga nakatira ay gusto at kayang gampanan ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil ng mga nakatirang ito sa account sa kasiyahan ng Palingkurang-bayan, at kung mayroong praktikal na pisikal na kakayanan na legal na magagamit ng palingkurang-bayan na piling ibigay ang mga serbisyo sa mga nakatirang ito na tumutugon sa mga kinakailangan ng mga panuntunan at taripa ng Palingkurang-bayan, ang palingkurag-bayan ay ibibigay ang serbisyo sa mga nakatirang ito. Para sa mga piling nakatirang ito, ang pagtatag ng kredit ay naaayon sa Panuntunan Bilang 6 ng mga taripa ng Palingkurang-bayan, maliban kung saan ang naunang serbisyo para sa tagal ng panahon ay kondisyon para sa pagtatag ng kredit sa Palingkurang-bayan, ang patunay ng paninirahan at agarang pagbabayad ng upa o ibang obligasyon sa kredit sa tagal ng panahon na iyon na katanggap-tanggap sa Palingkurang-bayan ay kasiya-siyang katumbas.

(tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.g(1))

2. Kung saan ang nasabing mga nakatira ay naka-master meter:

   Ang Palingkurang-bayan ay hindi kinakailangang ibigay ang serbisyo sa mga nakatirang ito maliban kung ang bawat nakatira ay sumasang-ayon sa mga takda at kondisyon ng serbisyo, at tumutugon sa mga kinakailangan ng batas at ng mga panuntunan at taripa ng Palingkurang-bayan.

   Ang parehong mga probisyon ng Seksyon IV.E.1 ng Patakaran (Panuntunan Bilang 11.B.1.g(1) na ito) na naaangkop sa indibiduwal na naka-metrong mga okupante ay naaangkop din sa naka-master meter na mga okupante, maliban sa ang isang kinatawan ay maaaring kumilos sa ngalan ng naka-master meter na okupante, at ang Palingkurang-bayan ay hindi puputulin ang serbisyo sa alinman sa sumusunod na mga sitwasyon:

   a. Sa panahon na nakabinbin ang imbestigasyon ng Palingkurang-bayan sa pagtatalo o reklamo ng naka-master meter na mamimili.

   b. Kung ang mamimili na naka-master meter ay ipinagkaloob ng pagpapahaba ng panahon ng muling pagbabayad ng singil.

   c. Para sa pagkakautang na inutang ng mamimili na naka-master meter sa anumang iba pang tao o korporasyon o kung ang obligasyon na ikinatawan ng napabayaang account o anumang iba pang pagkakautang ay natamo sa isang tao o korporasyon maliban sa Palingkurang-bayan na humihingi ng bayad para rito.

   d. Kung ang napabayaang account ay kaugnay sa isa pang ari-ariang pagmamay-ari, pinamamahalaan, o pinapatakbo ng mamimili na naka-master meter.

   e. Kung ang mapapatunayan ng opisyal sa pampublikong kalusugan o gusali na ang pagputol ay magreresulta sa makabuluhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga nakatira sa tahanan o sa publiko. Ang patunay ng edad o kapansanan ay inilarawan sa Seksyon IV.G.3 ng Patakaran (Panuntunan Bilang *11.B.1.i.*)

   (tingnang ang Panuntunan 11.B.1.g(2))

F. Mga Lunas ng Pantahanang Mamimili sa Pagkatanggap ng Abiso sa Pagputol dahil sa Hindi Pagbabayad:

1. Kung sa pagkatanggap ng abiso sa pagputol, ang pantahanang mamimili ay hindi kayang magbayad, dapat siyang makipag-ugnayan sa Palingkurang-bayan bago ang pagputol ng serbisyo upang gumawa ng pagsasaayos ng bayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Ang impormasyon ukol sa alternatibong mga opsyon sa pagbabayad at ibang mga opsyon para sa pag-iwas ng pagkaputol ng pantahanang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ay ibibigay sa abiso ng pagputol ayon sa inilarawan sa Panuntunan Bilang 5 ng mga taripa ng Palingkurang-bayan, o maaaring kunin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Palingkurang-bayan.

2. Kung, pagkatapos makipag-ugnayan sa Palingkurang-bayan, ang pantahanang mamimili ay magsasabi sa CPUC ng walang kakayanang gumawa ng mga pag-aayos sa pagbabayad sa Palingkurang-bayan, siya ay dapat makipag-ugnayan sa Sangay ng Ugnayang Mamimili (CAB, Consumer Affairs Branch) ng CPUC upang gumawa ng impormal na reklamo. Upang mapanatili ang walang tigil na serbisyo, ang kilos na ito ay dapat gawin bago ang pagputol ng serbisyo ayon sa itinukoy sa ibinigay na abiso.

3. Ang kapasiyahan ng CAB sa bagay ay dapat iulat sa parehong Palingkurang-bayan at sa pantahanang mamimili sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatanggap ng impormal na reklamo. Kung ang mamimili ay hindi nasisiyahan sa naturang kapasiyahan, ang naturang mamimili ay maaaring magsampa, sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos ng petsa ng sulat ng CAB, ng isang pormal na reklamo sa CPUC sa ilalim ng Kodigo ng Pampublikong Palingkurang-bayan (Public Utilities Code) Seksyon 1702 sa pormularyong ibinigay ng CAB.

4. Ang kabiguan ng sinumang mamimili na sundin ang mga takdang panahong itinakda rito ay magbibigay sa palingkurang-bayan ng karapatan na igiit ang pagbabayad o, sa kabiguang magbayd, ituloy ang pagputol ng serbisyo ng mamimili alinsunod sa mga panuntunan ng Palingkurang-bayan.

   (tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.h)

G. Ang Pagtatalaga ng Ikatlong Partidong Kinatawan (Mas Matandang Nasa Gulang o May Kapansanan lamang):

1. Dapat ipaalam ng mamimili sa Palingkurang-bayan kung gusto niyang ang ikatlong partido ang tumanggap ng abiso sa pagputol o iba pa sa kaniyang ngalan.

2. Dapat ipaalam sa Palingkurang-bayan ang pangalan, address, at numero ng telepono ng ikatlong partido kasama ng sulat mula sa ikatlong partido na tumatanggap ng responsibilidad na ito.

3. Tanging ang mga mamimili na nagpapatunay na sila ay mas matandang nasa gulang na edad 62 o mas matanda, o may kapansanan ay karapat-dapat sa ikatlong partido na pagkakatawan. Ang patunay ng edad ay dapat suportado ng patunay ng kapanganakan, lisensya ng pagmamaneho, pasaporte o ibang mapagkakatiwalaang dokumento. Ang patunay sa kapansanan ay dapat patunay mula sa lisensyadong doktor, pampublikong nars sa kalusugan o manggagawang lipunan.

   (tingnan ang Panuntunan Bilang 11.B.1.i)